# Joy B, Gian wagi sa QC

Naiproklama na kahapon ng umaga ng Commission on Elections-QC-Board of Canvassers bilang nagwaging QC Mayor na si Joy Belmonte at nanalong bise-alkalde na si Gian Sotto sa QC Albert Hall sa QC Hall.

Sa final canvassing ng mga balota sa QC, nakakuha si Belmonte ng botong 469,480 at si Gian Sotto na nakakuha ng 382,393 votes.

May mahigit labing-apat na oras bago nakumpleto ng COMELEC-QC ang canvassing ng mga boto at naiproklama na ang lahat ng mga nanalong kandidato.

Ang mga nanalong congressman sa District 1- Onyx Crisologo, District 2- Precious Castelo, Allan Reyes – District 3, Bong Suntay – District 4, Alfred Vargas – District 5 at Kit Belmonte – District 6.

Sa mga konsehal sa District 1- Alex Herrera, Lena Marie Juico, Doray Delarmente, TJ Calalay, Nikki Crisologo at Victor Ferrer.

Ang nanalong councilors sa district 2 na sina Winston Castelo, Bong Liban, Candy Medina, Ramon Toto Medalla, Mikey Belmonte at Estrella Valmocina.

Sa District 3, nanalo at naiproklama na rin sina Franz Pumaren, Kate Coseteng, John Defensor, Wency Lagumbay, Jorge Banal at Ryza de Leon.

Sa District 4, Councilors sina Imee Rillo, Marra Suntay, Irene Belmonte, Resty Malangen, Ivy Lagman at Hero Bautista.

Sa district 5 ang nanalong konsehal ay sina Joe Visaya, Carl Castelo, PM Vargas, Shay Liban, Ram Medalla at Allan Francisco habang sa District 6 ay sina Marivic Co Pilar, Bobby Castelo, Roger Juan, Lala Sotto, Donny Matias at Eric Juan.

Nagpapasalamat naman si Belmonte sa ipinakitang suporta ng mga taga-QC kaya't agad anyang magtatrabaho para maipatupad ang mga pangako sa mga taga-lungsod. *(Angie dela Cruz at Mer Layson)*



*Prinoklama na kahapon ng COMELEC sina Joy Belmonte bilang nagwaging mayor sa lungsod Quezon at ang kanyang ka-tandem na si Gian Sotto na nanalong bise-alkalde. Naiproklama na rin lahat ang nagwaging mga congressman at mga konsehal sa lungsod. (Kuha ni Michael Varcas)*